**Naga Central School II**
**S/Y 2022 - 2023**

| | | | |
|---|---|---|---|
| School: | **NAGA CENTRAL SCHOOL II** | Grade Level: | **II** |
| Teacher: | **RAINE JAZMINE B. DE LA CRUZ** | Learning Area: | **Filipino** |
| Teaching Date & Time: | **March 2, 2023**<br>**8:30 AM - 9:10 AM** | Quarter: | **3rd Quarter** |
| Kaligiran ng mga Mag-aaral: | • Ang mga mag-aaral sa ikalawang baitang ay mula sa mababa hanggang katamtamang antas sa sosyo ekonomikong lipunan.<br>• Ang lebel ng kanilang pag-iisip ay nasa mababa hanggang katamtaman.<br>• Karamihan sa mga mag-aaral ay natututo kapag nakikinig at nakikita.<br>• Halos lahat ng mag-aaral ay mas natututo ng nagtutulungan. | | |
| Kagandahang Asal at Pagpapahalaga: | • Respeto sa Iba<br>• Kabutihan<br>• Pagiging Produktibo<br>• Pagiging Disiplinado<br>• Pagiging Responsable<br>• Pagpapahalaga sa Wika | | |
| Integratibong Kakayahan sa ika-21 Siglo: | • Gumamit ng komunikasyon para sa hanay ng mga layunin.<br>• Makipag-usap ng maayos<br>• Aktibong lumahok sa talakayan<br>• Makinig ng mabuti upang maintindihan ang kaalaman, pag-uugali, pagpapahalaga | | |

| **I. LAYUNIN** | |
|---|---|
| **A. Pamantayang Nilalaman** | Nagkakaroon ng papaunlad na kasanayan sa wasto at maayos na pagsulat |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagbabaybay ng mga salita na may tatlo o apat na pantig at batayang talasalitaang pampaningin |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto** | Nababaybay ng wasto ang mga salita tatlo o apat na pantig, batayang talasalitaang pampaningin, at natutunang salita mula sa mga aralin **F2PY-IIg-i-2.1** |

| | | |
|---|---|---|
| **D. Mga Tiyak na Bunga ng Pagkatuto** | Pagkatapos ng 40-minutong talakayan, lahat ng mag-aaral ay inaasahang makamit ang mga sumusunod na layunin:<br>1. nakikilala ang mga salitang may tatlo o apat na pantig at mga talasalitaang pampaningin,<br>2. nalalaman ang kahalagahan ng wastong pagbabaybay, at;<br>3. nababaybay ng wasto ang mga salitang may tatlo o apat na pantig at batayang talasalitaang pampaningin na may 75% kawastuhan. | |
| **II. NILALAMAN** | Pagbabaybay ng mga Salitang may Tatlo o Apat na Pantig at Talasalitaang Pampaningin | |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | |
| **A. Sanggunian** | | |
| **1. Mga pahina sa Gabay ng Guro** | K-12 CG MELCs p. 149 | |
| **2. Mga pahina sa kagamitang pang-mag-aaral** | | |
| **3. Mga pahina sa teksbuk** | | |
| **4. Karagdagang kagamitan mula sa portal ng Learning Resource** | Powerpoint presentation, picture/s, manila papers, printed materials, activity/worksheets | |
| | **Mga Gawain ng Guro** | **Mga Gawain ng Mag-aaral** |
| **IV. PROCEDURE** | | |
| **A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin** | *Handa na ba kayo sa panibagong aralin?*<br><br>*Para sa unang gawain, basahin ang maikling kuwento. Tukuyin ang mga salitang mali ang baybay.*<br><br>*Linggo ng umaga ay **gumesing** kami ng maaga kasabay ni nanay.* | *Opo, Teacher Jaz!* |



| | | |
|---|---|---|
| | *Habang si nanay ay **naglolotu** ng umagahan, kami ay **maglelenes** sa bakuran. Pagkatapos kumain, **naligu** kami dahil **popunta** kami ng simbahan.*<br><br>*Anong mga saita ang mali ang baybay?*<br><br>• **Maglelenes**<br>• **Gumesing**<br>• **Naligu**<br>• **Naglolotu**<br>• **Popunta** | • **Maglelenes**<br>• **Gumesing**<br>• **Naligu**<br>• **Naglolotu**<br>• **Popunta** |
| **B. Paghahabi sa layunin ng aralin** | Pantigin ang mga salitang ginamit sa unang gawain.<br>Basahin ang mga salita habang bumibilang ng pantig gamit ang kamay. Pagayahin sa mga mag-aaral.<br><br>*Ano ang tamang baybay ng maglelenes?*<br>*Maglilinis.* ***MAG-LI-LI-NIS***<br><br>*Ano ang tamang baybay ng gumesing?*<br>*Gumising.* ***GU-MI-SING***<br><br>*Ano ang tamang baybay ng naligu?*<br>*Naligo.* ***NA-LI-GO***<br><br>*Ano ang tamang baybay ng naglolotu?*<br>*Nagluluto.* ***NAG-LU-LU-TO***<br><br>*Ano ang tamang baybay ng popunta?*<br>*Pupunta.* ***PU-PUN-TA*** | *Maglilinis.*<br><br>*Gumising*<br><br>*Naligo.*<br><br>*Nagluluto.*<br><br>*Pupunta.* |

<table>
<tr>
<td>C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin</td>
<td>Ang pagbabaybay ay pagsusulat ng salita o mga salita sa pamamagitan ng lahat ng kinakailangan na letra sa tama nitong pagkakasunod-sunod.<br><br>1. Pabigkas na Pagbabaybay<br>Ang pabigkas na baybay ay dapat paletra at hindi papantig.<br><br>Halimbawa:<br>Paaralan = /pi - ey - ey - ar - ey - el - ey - en/<br>Simbahan = /es - ay - em - bi - ey - eyts - ey - en/<br><br>2. Pasulat na Pagbabaybay<br>● Kung ano ang bigkas ay siyang sulat.<br>● Kung ano ang sulat ay siyang basa.<br><br>Halimbawa:<br>Dyip = jeep<br>Putbol = football<br>Dyaket = jacket<br><br>Ang pantig ay ang bawat pagbuka ng bibig sa pagbikas ng salita.<br><br>Halimbawa:<br>i – ni – la – bas<br>Pi – li – pi – nas<br><br>Pantigin ang mga sumusunod na salita:<br>● Kalabasa<br>● Telepono<br>● Kambing<br><br>Ang batayang talasalitaang pampaninginn ay mga salitang madalas lumilitaw sa ating pagbabasa at pagsusulat.<br><br>Halimbawa;<br><br>Ang, ano, doon, ng, at, sino, siya, sila, saan, atin, mga, din, ako, kami, alin, ilan, may, dito, ito, ayon, iyon at sa.</td>
<td></td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td>D.Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan</td>
<td>Ang klase ay hahatiin sa limang grupo batay sa kinauupuan. Bibigyan ang bawat grupo ng mga papel na may mga letra na maaaring makabuo ng mga talasalitaang pampaningin.<br><br>Baybayin ang mga sumusunod na salita.<br>1. At<br>2. Sila<br>3. Doon<br>4. Ilan<br>5. Saan</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>E. Paglinang na Kabihasaan</td>
<td>Sa parehong grupo, isasaayos ang mga letra sa loob ng kahon upang mabuo ang wastong baybay ng salita.
<table>
<tr><td></td><td>w a a d a l</td><td></td><td>a g u t l u t n o</td></tr>
<tr><td></td><td>u b k a l k l a</td><td></td><td>w a r a k a n a</td></tr>
<tr><td></td><td>b m a a h i s n</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>F. Paglalahat ng aralin</td>
<td>Tandaan:</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Ang pagbabaybay o ispeling ay isa-isang pagbigkas o pagsulat sa maayos na pagkasunod-sunod ng mga letra o ng salita.<br><br>Mahalaga ang wastong pagbabaybay sapagkat napapadali nito ang pakikipagusap at ginagawang malinaw ang ating ideya. | |
| **G. Pagtataya ng Aralin** | Gawain: Piliin ang tamang salita na tinutukoy ng pangungusap. Isulat ang tamang baybay ng salita (sagot) sa sagutang papel.<br><br>1. Ang tawag sa kanya ay ina ng tahanan. (nanay, naynay)<br>2. Siya ang nakatatandang kapatid na lalaki. (kuya, koya)<br>3. Masarap _________ sa labas kapag malakas ang hangin. (maglaro, maglaru)<br>4. Ang ______ mag-aaral ay aktibo sa klase. (mga, manga)<br>5. Ang aming ________ ay laging malinis. (banay, bahay)<br>6. Bumili ng bagong ________ si Tatay. (getara, gitara)<br>7. Ito ay bagay na ating inuupuan. (cilla, silya)<br>8. Ang paboritong kulay ni Emily ay _______. (berde, berdi.)<br>9. Ika-_______ ako sa magkakapatid. (lema, lima)<br>10. __________ si Nanay ng aming mga uniporme. (noglalaba, naglalaba) | Sasagutan ng mga mag-aaral ang sagutang papel at ito'y ipapasa sa guro. |
| **H. Karagdagang Gawain para sa takdang aralin at remediation** | **Assignment:**<br><br>A. Tukuyin ang ang tamang pangalan ng larawan sa bawat bilang. Gamitin mong gabay ang mga pangungusap. Isulat ang sagot sa | |

loob ng kahon na may wastong baybay.

| | |
|---|---|
| 1.Isang hayop na tumatalon at gumagawa ng tunog na “kokak.”  |  4. Iba pang tawag sa pananim. |
| 2. Dito pumapasok ang mga mag-aaral upang matuto.  |  5. Pinaglalagyan ng ipon. |
| 3. Tawag sa katabing bahay.  | |

B. Maglista ng 5 limang salitang may tatlo o apat na pantig. Baybayin ito ng wasto.

1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________
4. ____________________
5. ____________________

| | | |
|---|---|---|
| **V. MGA TALA** | | |
| **VI. PAGNINILAY** | | |
| **A.** Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | | |
| | | |

| | | |
|---|---|---|
| **B.** Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation | Prepared by:<br><br>**RAINE JAZMINE B. DE LA CRUZ**<br>Teacher Intern<br><br>Noted:<br><br>**ELSIE POVEDA**<br>Cooperating Teacher | |
| | | |
| **C.** Nakatulong ba ang remedial? | | |
| | | |
| **D.** Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation | | |
| | | |
| **E.** Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong? | | |
| | | |
| **F.** Anong suliranin ang aking naranasan na solusyonan sa tulong ng aking punong guro at superbisor? | | |
| | | |
| **G.** Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa kapwa ko | | |

| | | |
|---|---|---|
| guro? | | |
| | | |